9

# Learning Activity Sheet
# sa Filipino 9
# Kuwarter 3 – MELC 4

## Pagsusuri sa Elemento ng Elehiya Batay sa Tema, mga Tauhan, Tagpuan, mga Mahihiwatigang Kaugalian o Tradisyon, Wikang Ginamit, Pahiwatig o Simbolo at Damdamin



**REGION VI-KANLURANG VISAYAS**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activity Sheet (LAS) Blg. 4**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet - Filipino 9**

**Manunulat:** Hezel A. Lopez
**Tagaguhit :** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña

**Division Quality Assurance Team**
Diana P. Agupasa    Perly M. Mapa
Angela Mae D. Lim    Cynthia C. Caspe
Rosie Cabus    Marie Antoniette T. Villar

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora., CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico, EdD, CESO IV
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod Escalante at Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**
Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner's progress).

**Para sa mga mag-aaral:**
Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan.

Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

# Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 4

Pangalan:_________________________ Grado at Seksiyon:_____________________

Petsa: _________________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

## Pagsusuri sa Elemento ng Elehiya Batay sa Tema, Mga Tauhan, Tagpuan, mga Mahihiwatigang Kaugalian o Tradisyon, Wikang Ginamit, Pahiwatig o Simbolo at Damdamin

## I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

Nasusuri ang mga elemento ng elehiya batay sa tema, mga tauhan, tagpuan, mga mahihiwatigang kaugalian o tradisyon, wikang ginamit, pahiwatig o simbolo at damdamin **(F9PB-IIIb-c-51)**

## II. PANIMULA

Ang elehiya ay isang tulang liriko na naglalarawan ng pagbubulay-bulay o guni- guni na nagpapakita ng masidhing damdamin patungkol sa alaala ng isang mahal sa buhay.

Elemento ng Elehiya

1. Tema- Ito ang tumutukoy sa pangkalahatang kaisipang nakapaloob sa elehiya
   Halimbawa: Ito ay tungkol sa kamatayan, pag-alaala sa mahal sa buhay na yumao, pagpaparangal sa mga mahal natin sa buhay na yumao na

2. Tauhan- Tinutukoy nito ang karakter na inaalala o pinararangalan sa tula samantalang ang persona sa tula naman ay ang nagsasalita sa tula
   Halimbawa sa tauhan: Mga sundalong nasawi sa digmaan sa Mindanao

3. Tagpuan- Ito ang panahon at lugar na pinangyarihan ng akda. Ito ay maaaring pahiwatig o direktang binanggit sa akda
   Halimbawa: Sa loob ng tahanan, sementeryo

4. Mga Mahihiwatigang Kaugalian o Tradisyon- Ito ay tumutukoy sa mga kaugalian at tradisyon na sinasalamin sa elehiya.
   Halimbawa: Pagtitipon-tipon ng pamilya tuwing may mahahalagang okasyon

5. Wikang Ginamit- Ito ay nagsasaad sa pananalitang ginamit, kung ito'y porma o di-pormal

6. Pahiwatig o simbolo-Ang mga bagay na nagsasaad ng mga pahiwatig
Halimbawa: Gutay-gutay na damit-ibig sabihin mahirap ang kalagayan sa buhay.

7. Damdamin-Ang nangingibabaw na damdamin sa tula, dahil ito ay elehiya, ang kalimitang nangingibabaw na damdamin nito ay kalungkutan.

## III. SANGGUNIAN

**Aklat:**

Peralta, Romulo N. et al. Panitikang Asyano Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, pahina 203-205 Unang edisyon, Vibal Group, Inc.

Sariling Katha:

Lopez, Hezel A. (2021) *Alaala ng Aking Lola*. Hindi nailathalang Tula

## IV. GAWAIN

### Gawain 1

Panuto: Basahin at unawain ang tulang **"Elehiya sa Kamatayan ni Kuya"** na mababasa sa inyong aklat na Panitikang Asyano 9 pahina 203-204. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Tanong:
1. Ano ang tema ng binasang tula
2. Sino naman ang persona sa tula?
3. Anong damdamin ang nangingibabaw rito?
4. Paano ipinadama ng may-akda ang labis na pagdadalamhati sa tula?
5. May mahihiwatigan ka bang kaugalian o tradisyon sa akdang binasa? Ilahad ang mga ito.

### Gawain 2

Panuto: Basahin at unawain ang elehiya sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot.

Alaala ng Aking Lola

Isang taong mapagkalinga
Ako'y tunay na humahanga

Pagpapalakas ng loob ko ay ginagawa
Kaya pagpupursige ko’y hindi maikakaila.

Alam mo ba kung ano ang kinasasabikan ko?
Ang makita mo ang aking tropeyo
Ang mga bagay na naabot ko para sa iyo
Ang tagumpay na sa ngayon ay tinatamasa ko.

Naalala ko pa tuwing ako’y magtatapos,
Ika’y may sobreng dala para sa pinakamamahal mong apo
sa mataas na karangalang aking nakuha,ito’y regalo mo
At ito’y taon-taong inaabangan ko.

Ang pangarap mo’y maging guro ako ay nagkatotoo
Ngunit ngiti mo’y ‘di ko na masisilayan pa, lola
Dahil bago pa man ako makapasok sa serbisyo
Tuluyan ka nang namaalam sa mundo.

Wala ng lolang maglalambing, wala ng lolang yayakapin
Tanging alaala mo na lamang ang nakatatak sa isipan
Hanggang nabubuhay ako, dala-dala ka sa puso ko
Sa alaala na lamang kita babalik-balikan.

1. Sino ang persona sa tula?
   A. lola B. anak C. ina D. apo

2. Ano ang tema ng akda?
   A. Pananabik sa yumaong lola
   B. Paglalambing sa kanyang lola
   C. Pag-alaala sa kanyang lola
   D. Pagpaparangal sa kanyang lola

3. Ano ang sinisimbolo ng tropeyo sa ikalawang saknong?
   A. karangalang nakuha
   B. bagay na napagtagumpayan
   C. papremyo
   D. lahat ng nabanggit

4. Ano ang mahihiwatigang kaugalian o tradisyon ang mababasa sa tula?
   A. Ang pagbibigay ng sobre tuwing may magtatapos
   B. Ang pagdaan sa ilalim ng kabaong upang maputol ang sumpa
   C. Ang pagkakaroon ng tropeyo sa tuwing may paligsahan
   D. Pagsalo-salo ng pamilya sa tuwing may mahalagang okasyon

5.Ano ang ibig sabihin ng taludtod na “namaalam sa mundo”?
A. nagpunta sa outer space
B. pumanaw
C. umalis ng bahay
D. umalis ng bansa

## Gawain 3

Panuto:Magsaliksik ng halimbawang elehiya sa internet. Pagkatapos, suriin ang elemento ng elehiyang nakapaloob sa akda. Punan ang talahanayan sa ibaba.

| Elemento ng Elehiya | Pamagat ng Elehiya na Nasaliksik |
|---|---|
| Tema | |
| Tauhan | |
| Tagpuan | |
| Mahihiwatigang Kaugalian | |
| Wikang ginamit | |
| Pahiwatig o Simbolo | |
| Damdamin | |

**Tandaan:**

Ang elehiya ay isang tulang liriko na naglalarawan ng pagbubulay-bulay o guni-guni na nagpapakita ng masidhing damdamin patungkol sa alaala ng isang mahal sa buhay.

Ang elemento ng elehiya ay ang mga sumusunod: tema, mga tauhan, tagpuan, mga mahihiwatigang kaugalian, wikang ginamit, pahiwatig o simbolo at damdamin

## I. REPLEKSIYON

Bilang isang anak at apo, paano mo maipapakita ang pagmamahal sa iyong mga magulang, lola at lolo habang sila ay nabubuhay pa?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
______________________________.

# VI. SUSI SA PAGWAWASTO

GAWAIN 1

1. Pananabik sa yumaong lola
2. Kapatid ng pumanaw
3. Kalungkutan
4. Pag-alaala sa masasayang sandali at pagtingin sa mga naiwang bagay ng namayapa
5. Pagdarasal para sa kaluluwa ng yumao

GAWAIN 2

1. D
2. C
3. D
4. A
5. B

GAWAIN 3

Nakadepende sa mga mag-aaral ang sagot